## Part 3: Ang Tungkol sa Tao

### 3.5 ANG TRANSPORMASYON

Sa John 8, sinasabi ni Cristo na malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo. Ang katotohanang ito ay para sa mga nagtitiwala sa Kanyang salita at nagsasapamuhay nito.

Ang mga sumusunod ang mga bagay na umaalipin sa tao:

| | | |
|---|---|---|
| Pagnanais na maging katulad ng Diyos na siyang nagbibigay kahulugan kung ano ang mabuti at masama at tama o mali | → | Nauuwi sa kanya-kanyang opinion na base lamang sa kanya-kanyang haka-haka |
| Pagnanais na sundin ang pita ng mata at laman nang walang pakundangan | → | Ang kinahihinatnan lamang ay kapahamakan |
| Pagnanais na masunod | → | Nagiging sanhi ng kaguluhan |
| Pagkatakot sa kamatayan | → | Nauuwi lamang sa pagkalugmok |

Ang mga katuruan ni Cristo lamang ang magpapalaya sa tao mula sa pananakop ng fear, worry and anxiety, guilt and shame at ng marami pang ibang bagay na nagpapabigay sa kanyang buhay. At ang mga ito ay mapapalitan ng pag-ibig sa Diyos, ng kagalakan, kasiguruhan at marami pang ibang mabubuting bagay.

**Time Out**

1. Ano ang magpapalaya sa tao?

   ______________________________________________

2. Magbigay ng dalawang bagay na nag-aalipin sa tao.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Kung ang tao ay magtitiwala sa Diyos, ano ang papalit sa kanyang fear, worry and anxiety?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ako ay makakatulong sa transpormasyon ng ating lipunan sa pamamagitan ng: |
| | Ang magiging epekto ng aking pagiging transforming agent ay: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.




Lucas 10:25-37 Ang Mabuting Samaritano
Isang dalubhasa sa Kautusan ang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. Tinanong niya, "Guro ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan? Sumagot si Jesus, "Ano ba ang nakasulat sa Kautusan?" Ano ba ang nababasa mo roon?"

Sumagot ang lalaki, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo, at ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili." Sabi ni Jesus, "Tama ang sagot mo. Gawin mo iyan at magkakamit ka ng buhay na walang hanggan."

Upang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, nagtanong pa ang lalaki, "Sino naman ang aking kapwa?"

Sumagot si Jesus, "May isang taong naglalakbay mula sa Jerusalem papuntang Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, hinubaran, binugbog, at iniwang halos patay na. Nagkataong dumaan doon ang isang paring Judio. Nang makita ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit nang makita niya ang taong binugbog, lumihis din ito at nagpatuloy sa

kanyang paglakad. Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nang makita niya ang biktima, siya'y naawa. Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon. Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung higit pa riyan ang iyong magagastos, babayaran kita pagbalik ko.'"

At nagtanong si Jesus, "Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?

"Ang taong tumulong sa kanya," tugon ng dalubahasa sa kautusan. Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung gayon, humayo ka at ganoon din ang gawin mo."

- Base sa iyong nabasa, ano ang dapat gawin upang makamit ang buhay na walang hanggan?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Paano mo dapat ibigin ang iyong kapwa?

  ______________________________________________

- Ano ang ginawa ng paring Judio at Levita nang makita nila ang lalaking nakahandusay?

  ______________________________________________

- Ano ang ginawa ng Samaritano nang makita niya ang lalaking nakahandusay?

  ______________________________________________


- Isulat ang mga katangiang napansin mo sa tatlong karakter sa kuwento?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**
**Paano tayo makatutulong sa transpormasyon ng ating bayan?**

Minsan, nagkuwento ang Panginoong Jesus. Ang wika Niya sa Matthew 13:33, *Ang kaharian ng langit ay tulad ng lebadura na kinuha ng isang babae at isinama sa isang malaking kumpol na arina hanggang sa ito ay humalo sa buong masa.*



Maliwanag na itinuturo ng Bibliya na ang mga nagtitiwala sa Diyos ay may tungkulin sa Kanyang kaharian. Tayo ay pinagkalooban ng mga abilidad at talento para magamit sa kaunlaran at paglago ng ating lipunan. Mayroon tayong mabubuting gawain na dapat pagpaguran. Tayo ay gagamitin ng Diyos na parang lebadura sa pagbabago ng ating bayan. Nararapat na ating harapin ang layuning ito.

At sinasabi naman sa Ephesians 2:10 na *ang mga nagtitiwala kay Cristo ay gawang-sining ng Diyos, nilikha kay Cristo Jesus upang magtrabaho ng mabubuting gawa na itinalaga Niya para sa atin*.

Samakatuwid, maraming maa-accomplish ang mga nagtitiwala sa Diyos para sa pagbabago ng kani-kanilang lipunan kung tutuparin nila ang plano ng Diyos para sa kanilang buhay.

Dahil sa payo ng guro ni Marie nakapagdesisyon siyang bumitaw na sa kanyang trabahong pinapasukan. Lumapit siya kay Ms Dina upang humingi ng tulong sa paghahanap ng trabaho dahil nais niyang makatapos ng pag-aaral. Tinulungan siya ni Ms Dina, at ipinakilala siya nito sa isang Pastor na may coffee shop at nagkataon na naghahanap din ang mga ito ng karagdagang server. Natuwa si Marie at lubos na nagpasalamat. Nagpatuloy siya sa pag-aaral at pinagtuunan ito ng pansin. Inimbitahan rin siya ng may-ari ng coffee shop sa kanilang church at nag umpisa na rin siyang sumaliksik ng Salita ng Diyos. Lumipas ang mahabang panahon nakatapos si Marie ng kursong secondary education at nakahanap ng magandang eskwelahang mapapasukan. Siya ay lumago rin sa kanyang pananampalataya. At kung may pagkakataon ay nakakapagbahagi din siya sa kanyang mga estudyante ng Salita ng Diyos. At nakikilahok din siya sa mga charity works. Bumuti na rin ang kalagayan ng kanyang pamilya.

Katulad ni Marie, ikaw ba ay dumaan o dumadaan din sa mabigat na pagsubok? Paano mo ito hinarap o hinaharap?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Kung patuloy nating lalakaran ang mga mabubuting gawa na inihanda ng Diyos sa atin, mapagmamasdan ito ng mga taong nasa ating paligid at sila rin ay makakalasap ng benepisyo mula sa magagandang gawain na nakikita nila sa atin.

Hindi mahirap isipin na tayo bilang nagtitiwala sa Diyos ay ang pagmumulan ng pagbabago sa ating lipunan.

- Ang human relationships ay may pag-asang bumuti
- Ang kadiliman sa lipunan ay maaaring mabawasan
- Unti-unting magliliwanag ang landas na dapat tahakin ng mga mamamayan.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Paano ka nagiging kasangkapan ng transpormasyon sa inyong tahanan? Sa eskuwelahan? Sa mga kaibigan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang iyong mga qualities and abilities na magagamit upang magsilbi kang transforming agent?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Sa paanong paraan mo magagamit ang iyong naitalang qualities and abilities sa tahanan, paaralan, barangay o workplace?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Ako ay makakatulong sa transpormasyon ng ating lipunan sa pamamagitan ng:</td></tr>
<tr><td>Ang magiging epekto ng aking pagiging transforming agent ay:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugod-lugod at ganap na kalooban ng Diyos. ***Roma 12:2***